**LESSON 1: ANG KALIGTASAN**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

Mga Tanong:

1. Kung ako ay babawian ng buhay ngayong gabi, sigurado ba akong sa langit ako pupunta? Bakit?
2. Paano makakasigurado ang tao na pupunta siya sa langit at hindi sa impiyerno?

**TALAKAYAN:**

Maraming relihiyon ngayon ang nagkalat sa buong mundo at iba-iba ang sinasabi patungkol sa paraan ng kaligtasan. Paano tayo makakasiguro na tama ang doktrinang pinanghahawakan natin? Ito ay sa pamamagitan ng masusing pag-aaral ng Biblia.

**Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata:**

Ang "kaligtasan" na tinutukoy natin ay kaligtasan mula sa kapangyarihan ng kasalanan at sa walang hanggang kaparusahan sa impiyerno.

1. **Roma 3:23**
   Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios;

2. **Roma 6:23**
   Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin.

3. **Efeso 2:8-10**
   Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri. Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.

4. **Juan 3:16-17**
   Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagka't hindi

sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya.

5. **Roma 10:9-10**
   Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka: Sapagka't ang tao'y nanampalataya ng puso sa ikatutuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang pagpapahayag sa ikaliligtas.

6. **Gawa 2:38**
   At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.

7. **Tito 2:11-12**
   Sapagka't napakita ang biyaya ng Dios, na may dalang kaligtasan sa lahat ng mga tao, Na nagtuturo sa atin, upang, pagtanggi natin sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanglibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at matuwid at banal sa panahong kasalukuyan ng sanglibutang ito;

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Lahat ng tao ay makasalanan at hindi nakaabot sa pamantayan ng Diyos kung kaya lahat ay karapatadapat lamang na parusahan ng kamatayan sa pisikal na katawan at walang hanggang kaparusahan sa impiyerno.
2. Ang “kaligtasan” ay libre, ito ay walang bayad dahil ito ay binayaran na ni Hesus mahigit dalawang libong taon na ang nakakalipas sa krus ng kalbaryo, subalit ito ay dapat kilalanin at tanggapin ng buong puso ng taong gustong makaranas nito.
3. Hindi tayo maliligtas ng ating mabubuting gawa.
4. Ang tao ay maliligtas mula sa impiyerno sa pamamagitan ng pagsisisi ng kasalanan at pagkilala at pagtanggap kay Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.

**PANALANGIN NG PAGSISISI AT PAGTANGGAP KAY HESUS BILANG PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS**

“Panginoong Hesus, patawarin mo po ako sa lahat ng aking mga kasalanan sa isip, sa puso, at sa gawa. Pinagsisisihan ko po ng lubos ang lahat ng mga ito. Ako po ay lubos na nagpapakababa sa iyong harapan. Binubuksan ko po ang aking puso at tinatanggap kita bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Itinatakwil ko po si Satanas at ang lahat ng kanyang mga gawa at impluwensiya sa buhay ko. Isulat po Ninyo ang aking pangalan sa aklat ng buhay. Ito po ang aking panalangin sa pangalan ni Hesus, Amen!”

**MEMORY VERSE:** JUAN 3:16

**TAKDANG ARALIN**

a. Magsulat ng 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo na nais mong ibahagi ang Kaligtasan.
    1.
    2.
    3.
    4.
    5.

b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magpamigay ng 20-30 Gospel tracts (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**CATCH THE VISION**

Bakit kailangan nating ipahayag ang salita ng Diyos sa iba? (Mateo 28:19-20)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
7. Para sa iba pang pangangailangan.